RepublikangPilipinas
LalawiganngBulakan
LungsodngMalolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-19 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 83-2020**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGDEDEKLARA BILANG FISH SANCTUARY ANG MATIYANAK AT BORACAY RESORT, SAKOP NG BARANGAY PAMARAWAN, LUNGSOD NG MALOLOS AT GAYUNDIN ANG PAGLALAAN NG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P2M) PARA SA INISYAL NA GASTUSIN SA PAGBILI NG MGA KAUKULANG KAGAMITAN AT PANGANGALAGA NITO.**

**AKDA NI: KGG. EMMANUEL R. SACAY**
**AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**TALA NG PAGPAPALIWANAG**

**SAPAGKAT,** ang 'fish sanctuary' ay isang mahalaga at kapaki-pakinabang na proyekto, upang masiguro ang pangangailangan sa pagkaing yamang-dagat tulad ng isda sa interes pangkalusugan ng mamamayang Malolenyo;

**SAPAGKAT,** itinakda sa Seksyon 28 ng Kautusang Bayan Blg. 04-2000 ang pagtatakda ng 'fish sanctuary' sa katubigan ng Lungsod ng Malolos;

**AT DAHIL SA MGA NABANGGIT, IPINASIYA,** gaya ng dito ay gingawang pagpapasiya, na mahigpit na itinatadhana na may bisa ng batas at marapat na ipatupad ng kahusayan at katapatan ang mga sumusunod:

**SEKSYON 1.-** Itinatakda ng Kautusang Panlungsod na ito na ang MATIYANAK AT BORACAY RESORT, sakop ng Barangay Pamarawan, Lungsod ng Malolos ay magsisilbing 'FISH SANCTUARIES' ng Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 2.-** Dapat maglaan ang Pamahalaang Lungsod ng halagang DALAWANG MILYONG PISO (P2M)para maging inisyal na PONDO sa pangangailangang gastusin sa pangangalaga ng fisheries SANCTUARIES.

**SEKSYON 3.-** Ang Tanggapan ng Panlungsod na Agrikultura ay inaatasan bilang pangunahing tagapangasiwa at tagapagtaguyod ng mga gawaing makapagpapaunlad ng Malolos Fish Sanctuaries sa pakikiisa at pakikipagtulungan ng City Fisheries and Aquatic Resources Management Council (CFARMC).

**SEKSYON 4. SUGNAY NA PAGHIHIWALAY** – Ang anumang bahagi o' probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o' anumang bahagi o' probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 5.-** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa sandaling pagtibayin.

**PINAGTIBAY.**

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE<br>KASANGGUNI |

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD -Tagapangulo

PINAGTITIBAY/~~DI-PINAGTITIBAY~~:
Oct. 29. 2020
PetsangPagtitibay:

INH. GILBERT T. GATCHALIAN
PunongLungsod

*hindinakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10192020